



REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines



Sama-Sama
sa DECS

Tanggapan ng Pangalawang Kalihim
Office of the Undersecretary

Agosto 17, 2001

Kautusang Pangkagawaran
Blg. 45, s. 2001

**ANG 2001 REVISYON NG ALFABETO
AT PATNUBAY SA ISPELING NG WIKANG FILIPINO**

Sa: Mga Direktor ng Kawanihan
Mga Direktor ng Rehiyon
Mga Superintendent, Superbisor, at Pinuno ng mga Paaralan
Iba pang Kinauukulan

1. Kaugnay ng itinatadhana ng Konstitusyon ng 1986 hinggil sa patuloy na pagpayabong at pagpayaman ng Filipino bilang wikang pambansa at pampamahalaang wika, at bilang tugon sa mabilis na pagbago, pag-unlad, at paglaganap ng wikang pambansa, ang Komisyon sa Wikang Filipino, sa tulong ng mga dalubwika, manunulat, editor, tagapaglimbag, propesor / guro, at mga kinatawan ng samahang pangwika, ay nagsagawa ng pag-revisa sa mga alituntunin sa ispelang at primer hinggil sa wikang Filipino.
2. Kalakip nito ang "2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispelang ng Wikang Filipino" na binuo ng Komisyon sa Wikang Filipino.
3. Simula ngayon ay gagamiting gabay ang "2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispelang ng Wikang Filipino" sa pagtuturo, pagsulat ng teksbuk at korespondensyang opisyal, at iba pang gawain ng Departamento.
4. Hinihiling ang pagpaabot ng Kautusang ito sa lalong madaling panahon sa lahat ng mga kinauukulan.


ISAGANI R. CRUZ
Pangalawang Kalihim

Kalakip:

Gaya ng nasasaad

Sangnian:

**Kautusang Pangkagawaran: Blg. 81, s. 1987; 14, s. 2001
at Memorandum Pangkagawaran: Blg. 207, s. 2001**

Pamumunod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan

sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

**CHANGE
LANGUAGE
POLICY**

851-6

851-6

2001 Revisyon

ng

Alfabeto at Patnubay

sa Ispeling ng Wikang Filipino



Komisyon sa Wikang Filipino

Inside Cover Text

**Komisyon sa Wikang Filipino
Lupon ng Sekretaryat**

**Dr. Rosalina C. Matienzo
Tagapangulo**

**Pinky Jane S. Tenmatay
Rose A. Martinez
Ka-Tagapangulo**

**Kagawad:
Miriam C. Palawan
Manuel Cusi, Sr.
Tomas Ocampo, Jr.
Enrico Reyes
Julio Ramos**

Paunang Salita

Ang 2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispelang ng Wikang Filipino ay kumakatawan sa ikalawang bahagi ng final na awtput ng proyektong "Tungo sa Istandardisasyon ng Sistema ng Pagsulat sa Filipino: Mga Batas at Tuntunin na Nauukol sa Walong Dagdag na Letra ng Alfabetong Filipino" ng Komisyon sa Wikang Filipino. Ginagawang malinaw ng mga tuntuning pang-ispeling ang batayang konseptwal sa pagdisenyo ng sistema ng pagsulat. Lalo pang ipinaliliwanag ang mga konseptong ito sa format na tanong at sagot sa *Primer sa 2001 Mga Tryak na Tuntunin sa Gamit ng Walong Dagdag na Letra*.

Mapapansing ang revisyong ito ay nakafokus sa gamit ng walong (8) dagdag na letra na hiniram at nakapaloob sa kasalukuyang 28-letrang Alfabetong Filipino. Ang iba pang tuntunin sa ispelang ay pinanatili gaya ng nakasaad sa 1987 *Patnubay sa Ispelang at/o hinango mula sa orihinal na sistema ng pagbaybay na ginagamit sa iba't ibang institusyong pang-akademya at pampublikasyon.*

Ang mga binanggit sa itaas ang bumuo ng orihinal na datos na naging basehan ng komparatibong analisis at siya namang naging batayan ng final na mga rekomendasyon. Pinanatili ang mga tuntunin sa ispelang na labas sa saklaw ng proyektong pag-aaral kaya hindi ganap na binabago ang sistema ng ispelang. Samakatwid, ang mungkahing tuluyang reforma sa ispelang ay magiging kumulatibong proseso na tutulong sa pagpapatibay ng buong sistemang ortografiko. Binibigyang-diin din ang pangangailangang magsagawa ng seryosong siyentifikong riserts sa bawat problematikong detalye ng sistema sa pagbaybay bago magsagawa ng anumang opisyal na revisyon o modifikasyon.

Inaasahan, samakatwid, na magsasagawa ng isang seryosong pagkilos ang mga gumagamit ng alfabeto sa pamamagitan ng implementasyon ng 2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino.

Ang Teknikal na Komite ay ang sumusunod:

Komite sa Primer

Dr. Rosario Alonzo
 Dr. Narciso Matienzo
 Dr. Pamela Constantino
 Dr. Clemecia Espiritu
 Dr. Galileo Zafrá

Komite sa Patnubay sa Ispeling

Dr. Jesus Fer Ramos
 Dr. Teresita Fornunato
 Dr. Marietta Reyes-Otero
 Dr. Enedina Villegas
 Prop. Melanie Donkor
 Dr. Fely Castillo

Nita P. Buenaobra

Dr. Nita Buenaobra
 Commission Chairman IV
 Tagapangulong Komisyoner, KWF

Dr. Rosario E. Maminta
 Direktor ng Proyekto

ESTEBE M. PACHECO	<i>[Signature]</i>	<i>[Signature]</i>	
HERMIL B. BUNAO	<i>[Signature]</i>	<i>[Signature]</i>	Office of the President
FLORIÑO IBÁÑEZ	<i>[Signature]</i>	<i>[Signature]</i>	OP
LAURA SAMSON	<i>[Signature]</i>	<i>[Signature]</i>	UP Para
LETTICIA F. IBÁÑEZ	<i>[Signature]</i>	<i>[Signature]</i>	FEOS, San Juan Kagang-Sabán, University Pinarol
MIKE BIGORNIA	<i>[Signature]</i>	<i>[Signature]</i>	UMPIL/SIBS
B.S. MEDINA	<i>[Signature]</i>	<i>[Signature]</i>	DZSU Para

Mga Lagda ng mga Dumalo
sa Pulong Konsultasyon Blg. 5.
Mga Publisher, Editor, Manunulat

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Wilson Bldg., 1610 J.P. Laurel Street, Mabalabang Complex, San Miguel, Maynila

"TUNGO SA ESTANDARISASYON NG SISTEMA SA PAGSULAT SA FILIPINO:
MGA BATAS AT ALIUTANIN SA ISPILING NA NAHIUKOL SA WALONG (8)
LETRA SA ALZABERTONG FILIPINO"

PULONG BLG. 5

(Mga mga Teknikal Komite sa Nirevisyong Tuntunin sa

Alfabetong Filipino 2001)

Habno 22, 2001 (Lagda)

9:00 H.A. - 3:00 P.M.

Casino Español de Manila

855 T.M. Kalme Street, Ermita, Maynila

Mga Dumalo: (publishers, editors, writers, etc.)

Primer
sa 2001 Mga Tiyak na Tuntunin
sa Gamit ng Walong Dagdag na Letra
(Bahagi ng 2001 Revisyon ng Alfabeto
at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino)

PANGALAN	LAGDA	TANGGAPAN
ROBERTO T. ANONUEVO	<i>Roberto T. Anonuevo</i>	<i>Academi Press</i>
ROGELIO G. MANGAHAS	<i>Rogelio G. Mangahas</i>	<i>SIBS Publ. Hse.</i>
BENILDA S. SANTOS	<i>Benilda S. Santos</i>	<i>Fil. Dept., Ateneo</i>
BIENVENIDO LUMBERA	<i>Benvenido Lumera</i>	<i>UP</i>
JOSE DAKULA ESPIRITU	<i>Jose Dakula Espiritu</i>	<i>UST</i>
VICTOR EMMANUEL CARMELO NADERA, JR.	<i>Victor Emmanuel Carmelo Nadera, Jr.</i>	<i>UP PFP CNC</i>
CIRILO F. BAUTISTA	<i>Cirilo F. Bautista</i>	<i>DKSU</i>
LAMBERTO E. ANTONIO	<i>Lamberto E. Antonio</i>	<i>Labayan</i>
LILIA Q. SANTIAGO	<i>Lilia Q. Santiago</i>	<i>U.P.</i>

Appendix

Teknikal na Komite

Primer:

Tagapangulo: Dr. Rosario Alonzo
Raportyur: Dr. Narciso Matienzo
Mga Miyembro: Dr. Pamela Constantino
Dr. Clemecia Espiritu
Dr. Galileo Zafrá

Patnubay sa Ispeling:

Tagapangulo: Dr. Jesus Fer Ramos
Raportyur: Dr. Teresita Fortunato
Mga Miyembro: Dr. Marietta Reyes-Otero
Dr. Enequina Villegas
Prop. Melanie Donkor
Dr. Fely Castillo

Dr. Nita Buenaobra
Commission Chairman IV
Tagapangulong Komisyoner, KWF

Dr. Rosario E. Maminta
Direktor ng Proyekto

Unang Bahagi

Ang Kaligiran sa Pagbalangkas ng 2001 Mga Tiyak na Tuntunin sa Gamit ng Walong Dagdag na Letra

1. Ano itong 2001 Mga Tiyak na Tuntunin sa Gamit ng Walong Dagdag na Letra?

Ang 2001 Mga Tiyak na Tuntunin sa Gamit ng Walong Dagdag na Letra ay revisyon ng tuntunin sa paggamit ng walong dagdag na letra-C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z - na nakapaloob sa 1987 *Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino* na binuo ng Linangan ng mga Wika sa Pilipinas. Ang ibang mga tuntunin sa ispelng sa Patnubay ay hindi binago nang ganap.

Lubhang naging masalimuot ang pagpasok ng walong dagdag na letra sa alpabeto ng Wikang Filipino. Kaya masusi itong pinag-aralan at pinagtuonan sa 2001 *Revisyon ng Alpabeto at Tuntunin sa Ispeling ng Wikang Filipino* ng Komisyon sa Wikang Filipino.

2. Bakit kailangang baguhin ang tuntunin sa paggamit ng walong dagdag na letra sa 1987 *Patnubay sa Ispeling*?

Kinikilalang ang mga tuntunin sa paggamit ng walong dagdag na letra sa 1987 *Patnubay sa Ispeling* ay napakahigpit para tumugon sa mga pangangailangan ng mga Pilipinong may kakayahan kapwa sa katutubo at banyagang wika, at palit-palit na gumagamit ng mga wikang ito.

3. Bakit sinasabing mahigpit ang tuntunin sa paggamit ng walong dagdag na letra sa 1987 *Patnubay sa Ispeling*?

Sa 1987 *Patnubay sa Ispeling*, ang paggamit ng walong

dagdag na letra sa mga salita at ekspresyong hinihiram ay nababatay lamang sa mga sumusunod na kondisyon:

- Pantanging ngalan
 - Salitang katutubo mula sa ibang wika sa Pilipinas
 - Salitang hindi konsistent ang ispelng o malayo ang ispelng sa bigkas, na kapag binaybay ayon sa alfabetong Filipino ay hindi mabakas ang orihinal na ispelng nito
 - Salitang pang-agham at teknikal
 - Simbolong pang-agham
- Mapapansing nililimita ng mga kondisyong nabanggit ang paggamit ng walong dagdag na letra sa mga salitang bahagi ng formal o teknikal na varayti. Kung nabibilang ang mga hiram na salita sa hindi formal at hindi teknikal na varayti o ang tinatawag na karaniwang salita, binabaybay ang mga salitang ito gamit ang 20 - letrang abakada.

4. Ano ang hindi naisasaalang-alang ng paghihigpit na ito sa 1987 *Patnubay sa Ispeling* tungkol sa linggwistikong karanasan ng mga Pilipino?

Isang linggwistikong realidad ang malawakang panghihiram ng salita, lalo sa Ingles. Ang mga Pilipino ay naglilipat-wika at malawakang nanghihiram anuman ang antas ng formalidad sa paggamit ng wika, pasalita man o pasulat.

5. Ano ang naging resulta ng kahigpitang ito ng 1987 *Patnubay sa Ispeling*?

May mga sumunod at hindi sumunod sa 1987 *Patnubay sa Ispeling*. Ibinunga ug ganitong sitwasyon ang paglitaw ng iba't ibang sistema ng ispelng na binuo ng mga institusyong pang-akademya at pampublikasyon. Sa madaling salita, walang umiiral ngayong isang istandardisadong sistema ng ispelng.

mag-Ford magfo-Ford
mag-Japan magja-Japan
mag-Zonrox magzo-Zonrox

5. Kapag ang panlaping ika- ay iniunlapi sa numero o pamiliang.

Halimbawa:
ika-3 n.h. ika-20 pahina ika-9 na buwan
ika-10 ng umaga ika-3 rebisyon ika-12 kabanata

6. Kapag isinulat nang patitik ang mga yunit ng fraction.

Halimbawa:
isang-kapat ($\frac{1}{4}$)
lima't dalawang-kalima ($5\frac{2}{5}$)
tatlong-kanim ($\frac{3}{10}$)

7. Kapag pinagkakabit o pinagsasama ang apelyido ng babae at ng kanyang bana o asawa.

Halimbawa:
Gloria Macapagal-Arroyo
Conchita Ramos-Cruz
Perlita Orosa-Banzon

8. Kapag hinati ang isang salita sa dulo ng isang linya.

Halimbawa:
Paruloy na nililinanang at pinalalawak ang paggamit ng Filipino.

Halimbawa:

pamatay ng insekto	-	pamatay-insekto
kahoy sa gubat	-	kahoy-gubat
humigit at kumulang	-	humigit-kumulang
lakad at takbo	-	lakad-takbo
bahay na aliwan	-	bahay-aliwan
dalagang tagabukid	-	dalagang-bukid

Subalit, kung sa pagsasama ng dalawang salita ay magbago ang kahulugan, hindi na gagamitan ng gitling ang pagitan nito.

Halimbawa:

dalagambukid (isdia)
buntunghininga

4. Kapag may unlapin ang tanging ngalan ng tao, lugar, brand o tatak ng isang bagay o kagamitan, sagisag o simbolo. Ang tanging ngalan ay walang pagbabago sa ispeking.

Halimbawa:	
maka-Diyos	mag-PAL
maka-Rizal	maka-Johnson
maka-Pilipino	mag-Sprite
pa-Baguio	mag-Corona
taga-Luzon	mag-Ford
taga-Antique	mag-Japan

Sa pag-uulit ng unang pantig ng tanging ngalan may unlapin, ang gitling ay nalilipat sa pagitan ng inulit na unang pantig ng tanging ngalan at ng buong tanging ngalan.

Halimbawa:

mag-Johnson
mag-Corona
magjo-Johnson
magco-Corona

Ikalawang Bahagi

Pagpapakilala sa 2001 Mga Tiyak na Tuntunin sa Gamit ng Walong Dagdag na Letra

1. Sa pangkalahatan, ano ang layunin ng 2001 Mga Tiyak na Tuntunin sa Gamit ng Walong Dagdag na Letra?

Layunin ng 2001 Mga Tiyak na Tuntunin sa Gamit ng Walong Dagdag na Letra na makabuo ng mga tuntunin sa ispeking na gagabay sa panghihiram ng mga salita at pagsasalin ng pasalitang wika tungo sa nakasulat na anyo. Ang proyektong ito, kung gayon, ay mag-aambag sa istandardisasyon at elaborasyon ng pambansang wika.

2. Ano ang batayan sa pagbalangkas ng 2001 Mga Tiyak na Tuntunin sa Gamit ng Walong Dagdag na Letra?

Apat na mahalagang salik ang naging batayan: linggwistiko, sosyo-politiko, sikolohiko, at pedagohiko upang matamo ang mga prinsipyo ng simplisidad, ekonomiya at fleksibilidad. Isinaalang-alang din ang pedagohikong salik para maisulong ang literasi sa bansa. Ang mga desisyon ay produkto ng mga pagkonsulta at pagbuo ng konsensus.

3. Anong pangunahing linggwistikong prinsipyo ang isinaalang-alang sa pagbabalangkas ng 2001 Mga Tiyak na Tuntunin sa Gamit ng Walong Dagdag na Letra?

Upang matamo ang isang efiyenteng sistema ng tuntunin sa ispeking, may dalawang mahalagang batayan: simplisidad at ekonomiya, at fleksibilidad.

Tinutukoy ng simplisidad at ekonomiya ang isa-sa-isang tumbasan ng tunog at letra. Katangian na ito ng umiiral na sistema ng fonemik na ispeking sa Filipino. Hindi dapat masira ang katangiang ito.

Tinutukoy naman ng fleksibilidad ang kakayahan ng wika na tumanggap ng mga linggwistikong pagbabago bunga ng kontak ng mga wika. Palalakin ang katangiang ito sa bagong tuntunin dahil pinaluluwag ang pagpasok ng mga elemento mula sa ibang wika nang hindi isinasakripisyo ang simplisidad ng sistema ng ispelng.

4. Paano binalangkas ang 2001 Mga Tiyak na Tuntunin sa Gamit ng Walong Dagdag na Letra?

Hakbang-hakbang, konsultativ, at konsensuwal na binuo ang mga tuntunin sa loob ng halos dalawang taon, mula kalahatian ng taong 1999 hanggang Agosto 2001.

Halimbawa:

plan-tsa - pa-plan-tsa-hin - mag- pa-plan-tsa
 prito - pi-pri-tu-hin - mag-pi-pri-to
 ku-wen-to - ku-ku-wen-tu-han - mag-ku-ku-wen-to
 b. Inuulit ang klaster na katinig, kasama ang patinig.

Halimbawa:

plan-tsa - pla-plan-tsa-hin - mag-pla-plan-tsa
 prito - pri-pri-tu-hin - mag-pri-pri-to
 kwen-to - kwe-kwen-tu-han - mag-kwe-kwen-to

D. Ang Gamit ng Gitling

Ginagamit ang gitling (-) sa loob ng salita sa mga sumusunod na pagkakataon:

1. Sa pag-ulit ng salitang-ugat o mahigit sa isang pantig ng salitang-ugat.

Halimbawa:

araw-araw dala-dalawa
 isa-isa sari-sarili
 apat-apat kabi-kabila
 masayang-masaya

2. Kung ang unlapi ay nagtatapos sa katinig at ang salitang nilalapan ay nagsisimula sa patinig na kapag hindi ginitingan ay magkakaroon ng ibang kahulugan.

Halimbawa:

mag-alis pang-ako may-ari
 nag-isa mang-uto tag-init
 nag-ulat pag-alis pag-asa

3. Kapag may katagang kinaltas sa pagitan ng dalawang salitang pinagsama.

Halimbawa:

a-lis
i-wan
am-bon
eks-tra

á-a-lis
í-i-wan
á-am-bon
é-eks-tra

Ang tuntunin ding ito ang sinusunod kahit may unlapí ang salita.

Halimbawa:

mag-á-lis
mai-wan
umámbon
mag-ákyat
uméks-tra

mag-á-a-lis
ma-i-i-wan
u-má-am-bon
mag-á-ak-yat
u-mé-eks-tra

b. Kung ang unang pantig ng salitang-ugat ay nagsimula sa KP (katinig-patinig), ang katinig at ang kasunod na patinig lamang ang inuulit.

Halimbawa:

ba-sa
la-kad
tak-bo
lun-dag
nars

mag-ba-ba-sa
ni-la-la-kad
nag-ta-takbo
mag-lu-lun-dag

c. Kung ang unang pantig ng salitang-ugat ay may KK (klaster na katinig) na kayarian, dalawang paraan ang maaaring gamitin.

Batay ito sa kinagawian ng nagsasalita o varyant ng paggamit ng wika sa komunidad.

a. Inuulit lamang ang unang katinig at patinig.

Ikatlong Bahagi

Ang 2001 Mga Tiyak na Tuntunin sa Gamit ng Walong Dagdag na Letra ng Alfabetong Filipino

1. Ano ang ginawang pagbabago sa tuntunin sa gamit ng walong dagdag na letra?

Pinaluluwag ang paggamit ng walong dagdag na letra. Ibig sabihin, ipinagagamit na rin ang mga ito sa ispelng ng lahat ng hiram na salita anuman ang varayti nito kasama ang hindi formal at hindi teknikal na varayti, o iyong tinatawag na karaniwang salita.

2. Ano ang mangyayari sa mga hiram na salita na dati nang binago ang ispelng o umangkop na sa orihinal na sistema ng ispelng sa Filipino?

Ang mga hiram na salita na naglalaman ng alinman sa walong karagdangang letra na nabago ang ispelng ayon sa umiiral na sistema ng pagsulat sa Filipino at umangkop na sa wika ay mananatili. Ituturing ang mga ito na mga salitang may ibang baybay o lehitimong mga varyant ng ispelng.

Sa pagdaraan ng mga taon, ang mahigpit na pagsunod sa mga bagong tuntunin sa paggamit ng walong dagdag na letra ay inaasahang higit na pipiliin. Ang mga naunang paraan ng pagbabaybay gamit ang walong letra ay magiging makaluma (archaic), hindi karaniwan o diyalektal.

3. Ang katutubong sistema ng pagsulat ay sumusunod sa prinsipyong “Kung ano ang bigkas, siyang baybay.” Hindi kaya sirain ng pagpapagamit ng walong dagdag na letra sa pagbaybay ng karaniwang salita ang fonemik na katangian at kalakasan ng ating sistema ng pagsulat?

Hindi. Dahil ang mga letrang may katumbas na tunog o may fonemik na istatus lamang ang gagamitin sa pagbaybay ng mga karaniwang salitang hiram, mananatili ang fonemik na katangian ng ating sistema ng pagsulat.

Mahahati sa dalawang grupo ang walong dagdag na letra: ang mga letrang F, J, V at Z na may tiyak na fonemik na istatus, at ang mga letrang C, Ñ, Q at X na itinuturing na redandant.

Ang mga letrang F, J, V at Z lamang ang gagamitin sa pagbaybay ng mga karaniwang salitang hiram na binago ang ispelang sa Filipino. Ang apat na nabanggit na letra ay may tiyak na fonemik na istatus sa palatunugang Ingles. Ibig sabihin, may iisang kinakatawang tunog ang mga letrang ito.

4. Bakit itinuturing na redandant at hindi ipinagagamit ang natitirang apat na letra - C, Ñ, Q, X - sa pagbaybay ng mga hiram na salitang itinuturing na karaniwan? Ano ang kaibahan nito sa mga letrang F, J, V, at Z?

Ang mga letrang C, Ñ, Q, X ay itinuturing na redandant. Ibig sabihin, hindi kumakatawan ang mga ito sa iisa at tiyak na yunit ng tunog sa palatunugang Ingles, kundi nakakatunog ng isa pang letra o sunuran ng mga letra.

Ang letrang C ay nakakatulad ng letrang S sa pagkatawan nito sa fonemang /s/ at nakakatulad ng letrang K sa pagkatawan ng fonemang /k/ depende sa mga tunog na nakapaligid dito. Halimbawa: central → sentral; cabinet → kabinet.

Ang Kastilang letrang Ñ ay hindi kumakatawan sa isang tunog, kundi sa sunuran ng mga tunog na /ny/. Halimbawa: baño → banyo.

Ang letrang Q ay kumakatawan naman sa tunog /k/ o sunuran ng mga tunog /kw/. Halimbawa: queso → keso; quintuplet → kwintuplet.

Halimbawa:

Salita **Mga Pantig**
eksperimento eks-pe-ri-men-to
transkripsiyon trans-krip-syon

d. Kapag ang una sa tatlong magkakasunod na kating ay m o n at ang kasunod na dalawa ay alinman sa bl, br, dr, pl, tr, ang unang kating (m o n) ay sa sinusundang patinig ay kasama at ang huling dalawa ay sa kasunod na patinig.

Halimbawa:

Salita **Mga Pantig**
asambleya a-sam-ble-ya
alambre a-lam-bre
balandra ba-lan-dra
simple sim-ple
senro sen-tro
kontra kon-tra

e. Kapag may apat na magkakasunod na kating sa loob ng isang salita, ang unang dalawang kating ay kasama sa patinig na sinusundan at ang huling dalawa ay sa patinig na kasunod.

Halimbawa:

Salita **Mga Pantig**
ekstradisyon eks-tra-di-syon
eksklusibo eks-kl-u-si-bo

4. Ang Pag-uulit ng Pantig

Ang mga sumusunod ang tuntunin sa pag-uulit ng pantig.

a. Kung ang unang tunog ng salitang-ugat o batayang salita ay patinig, ang patinig lamang ang inuulit.

3. Ang Pagpapatig

Ang pagpapatig ay paraan ng pagbaha-bahagi ng salita sa mga pantig.

- a. Kapag may magkasunod na dalawa o higit pang patinig sa posisyong inisyal, midyal at final na salita, ito ay hiwalay na mga patinig.

Salita

aalis
maaga
totoo

Mga Pantig

a-a-lis
ma-a-ga
to-to-o

- b. Kapag may dalawang magkaibang katinig na magkasunod sa loob ng isang salita, maging katutubo o hiram man, ang una ay kasama sa patinig na sinusundan, at ang pangalawa ay sa patinig na kasunod.

Halimbawa:

Salita	Mga Pantig	Salita	Mga Pantig
buk s an	buk-san	sob r e	sob-re
pin t o	pin-to	kop y a	kop-ya
tuk t ok	tuk-tok	kap r e	kap-re
pan t ig	pan-tig	tok w a	tok-wa

- c. Kapag may tatlo o higit pang magkakaibang katinig na magkakasunod sa loob ng isang salita, ang unang dalawa ay kasama sa patinig na sinusundan at ang huli ay sa patinig na kasunod.

Panghuli, ang letrang X ay kumakatawan sa sunuran ng mga tunog /ks/. Halimbawa: extra → ekstra.

Nilalabag ng mga letrang ito ang isa-sa-isang tumbasan ng tunog at letra. Kung gayon, ang paggamit ng mga letrang ito sa pagbaybay ng mga hiram na karaniwang salita ay makasisira sa prinsipyo ng simplisidad at ekonomiya ng isang efisyenteng sistema ng pagsulat.

5. Kung gayon, kailan na lamang gagamitin ang mga letrang C, N, Q, X?

Gagamitin ang mga letrang C, Ñ, Q, X kapag ang hiram na salitang naglalaman ng letra ay binabaybay nang buo ayon sa orihinal nitong anyo.

Ang salita ay hinihiram sa orihinal nitong anyo alinsunod sa mga sumusunod na kondisyon:

- Ang salita ay isang pangangalang pantangi - pangalan ng tao, lugar, pangyayari, o bagay;
- Ang salita ay teknikal o siyentifiko;
- Ang salita ay may natatanging kahulugang kultural;
- Ang salita ay may iregular na ispelng, ibig sabihin, gumagamit ng dalawa o higit pang letrang hindi binibigkas. Halimbawa: bouquet;
- Ang salita ay may internasyonal na anyong nakikilala at ginagamit. Halimbawa: taxi.

6. Sa pangkalahatan, nasusunod ba ng mga tuntunin sa gamit ng walong dagdag na letra ang mga prinsipyo sa pagtatamo ng isang efisyenteng sistema ng ispelng?

Oo, nasusunod ng 2001 Mga Tiyak na Tuntunin sa Gamit ng Walong Dagdag na Letra ang mga prinsipyo ng simplisidad at ekonomiya, at fleksibilidad.

Hindi nasisira ng mga tuntunin ang isa-sa-isang tumbasan ng tunog at letra na katangian ng umiiral na sistema ng

fonemik na ispeling sa Filipino. Ang mga letrang F, J, V, Z lamang na may tiyak na fonemik na istatus ang gagamitin sa ispeling ng mga karaniwang salitang hiram.

Napalalakas din ng mga tuntunin ang fleksibilidad ng ispeling, o ang kakayahan ng wika na tumanggap ng mga linggwistikong pagbabago bunga ng kontak ng mga wika dahil pinatuluwag nito ang pagpasok ng mga elemento mula sa ibang wika, formal o teknikal na varayti man ito, o karaniwang salita.

C. Ang NG

Panatilihin ang NG para sa tunog na /ng/ sa dahilang mahalagang ambag ito ng palatunugang Filipino. Ang tunog na ito ay maaaring nasa inisyál, midyál at final na posisyon.

ngayon	pangalan	payong
ngipin	panginoon	tanong

D. Ang Pantig at Palapantigan

1. Ang Pantig

Ang pantig ay isang saltik ng dila o walang antalang bugso ng tinig sa pagbigkas ng salita.

Halimbawa:

a-ko	sam-bot
i-i-wan	mang-ya-ya-ri
it-log	ma-a-ari

2. Kayarian ng Pantig

Sa kasalukuyan ay may mga kayarian ng pantig na ambag ng mga lokal na wika at panghihiram.

Ang pagtukoy sa pantig, gayundin sa kayarian nito, ay sa pamamagitan ng paggamit ng simbolong K para sa kating at P para sa patinig. Narito ang ilang halimbawa ng mga pantig.

Kayarian	Halimbawa
P	<u>u</u> -pa
KP	ma- <u>li</u>
PK	is- <u>da</u>
KPK	<u>han</u> -da
KKP	pri- <u>to</u>
PKK	<u>eks</u> -perto
KKPK	<u>plan</u> -tsa
KKPKK	<u>trans</u> -portasyon
KKPKKK	<u>shorts</u>

B. Mga Digrapo

Ang digrapo ay kombinasyon ng dalawang letrang pinagsama para katawanin ang isa o dalawang tunog. Gamitin ito sa mga sumusunod:

1. Digrapong Ch

- a. Panatilihin ang digrapong CH kapag ang salita ay hiniram sa orihinal na anyo.

Halimbawa:

chopsuey	parachute	charter
chips	chateau	Chavez

- b. Palitan ang digrapong ito ng CH kung ang tunog ay /ts/ sa hiniram na salita.

Halimbawa:

chalk - tsok	chocolate
chaperon - tsaperon	channel - tsanel
checklist - tseklis	cochero - kuitsero

2. Digrapong SH

- a. Panatilihin ang digrapong SH kapag ang salita ay hiniram sa orihinal na anyo.

Halimbawa:

Sharon	shampoo	sheik
shangri-la	shamrock	

- b. Palitan ang digrapong SH ng SY kung ang tunog ay /sy/ sa hiniram na salita.

Halimbawa:

workshop	worksyap
shooting	syuting
censorship	sensorsyip
scholarship	iskolarsyip
sherbet	syerbet

Ikaapat na Bahagi

Ang Hinaharap ng Wikang Filipino sa 2001 Mga Triyak na Tuntunin sa Gamit ng Walong Dagdag na Letra

1. Ano-ano ang inaasahang resulta ng paggamit ng 2001 Mga Triyak na Tuntunin sa Gamit ng Walong Dagdag na Letra?

Ang nagkakaisa at malawakang paggamit ng 2001 Mga Triyak na Tuntunin sa Gamit ng Walong Dagdag na Letra ay inaasahang magreresulta sa mga sumusunod:

- Istandardisasyon ng Wikang Filipino

Sa paglilipat ng oral o pasalitang wika tungo sa anyong pasulat, natatamo ang uniformidad o kodifikasyon ng wika. Napaliit ang dami ng pagkakaiba-iba o paglihis sa tuntuning pangwika. Sa gayon, nalilinang ang norm o pamantayan ng iba't ibang komponent kaya napatatag ang pagbigkas, vokabularyo, at istruktura ng wika. Sa huling bahagi ng pag-unlad ng wika, maaaring makadevelop ng mga bagong anyo ng diskors at varayti tulad ng formal, akademiko, o teknikal na varayti.

- Modernisasyon at leksikal na elaborasyon ng wikang Filipino

Mapabibilis ang modernisasyon ng pambansang wika, at kasabay nito, ang modernisasyon ng ating kultura at buhay. Sa pagbubukas ng Filipino sa ibang wika (pagsunod sa prinsipyo ng fleksibilidad) na binabalanse ng kahigpitan sa pamamagitan ng pagpapanatili sa isa-sa-isang tumbasan ng letra at tunog (pagsunod sa prinsipyo ng simplisidad at ekonomiya),

lalawak ang bilang ng mga salitang Filipino. Sa gayon, mapadadali ang pagsasalin sa wikang Filipino at pagsasalin ng wikang ito sa iba pang ganap nang develop na wika sa mundo.

- Pangmadlang literasi

Ang pagbasa ay nagiging natural at awtomatiko sapagkat malinaw ang isa-sa-isang tumbasan ng tunog at letra sa alfabeto ng wikang Filipino. Gayundin, magagamit ang interasyonal na pagkakilala ng mga salita para sa higit na mataas na level ng pagbabasa tulad ng iskriming at iskaning. Lalo pang uunlad ang pangmadlang literasi dahil napadadali ang pagkatutong bumasa at sumulat.

IV. Iba Pang Tuntunin

A. Mga Diptonggo

Ang mga salitang may diptonggo o magkasunod na patinig ay baybayin ayon sa mga sumusunod:

Magkasunod na Patinig. Ilang halimbawa

• ia -	ya	ortografia - ortogrfiya, ortogrfiya dialecto - dyalekto, diyalekto
	iya	cristiano - kristiyano, kristiyano sentencia - sentensya, sentensiya
• ie -	ye	tiempo - tyempo, tiyempo
	iye	enmienda - emyenda, emiyenda pie - pye, piye
• io -	yo	divorcio - diborsyo, diborsiyo
	iyo	exportacion - eksportasyon, eksportasyon
• ua -	wa	guapo - gwapo, guwapo
	uwa	aguardador - agwador, aguwador cuarto - kwarto, kuwarto
		santuario - santwaryo, santuwaryo
• ue -	uwe	estatua - estatwa, estatuwa
		cuente - kwento, kuwento suerte - swerte, suwerte
		absuelto - abswelto, absuwelto
ui -	wi	buitre - bwitre, buwitre
	uwi	perjuicio - perwisyo, peruwisyo

E. Letrang F

Gamitin ang letrang F para sa tunog /f/ sa mga hiram na salita.

tofu (Nihonggo) 'tokwa'	futbol
French fries	fasiliteytor
lifeguard	fraterniti
fuddul (Ibanag) 'maliit na burol'	foto
	fokus

F. Letrang J

Gamitin ang letrang J para sa tunog /j/ sa mga hiram na salita.

jam	sabjek
juice	jaket
majahid (Arabic)	jornal
'tagapagtanggol ng Islam'	objek
jantu (Tausug)	bajet
'puso'	

G. Letrang V

Gamitin ang letrang V para sa tunog /v/ sa mga hiram na salita.

vertebrate	varayti
verbatim	volyum
video	valyu

H. Letrang Z

Gamitin ang letrang Z para sa tunog /z/ sa mga hiram na salita.

zebra	magazin
zinc	bazar
zoo	bazuka

**2001 Revisyon ng Alfabeto
at Patnubay sa Ispeling
ng Wikang Filipino**
(Revisyon ng DECS
Kautusang Pangkagawaran Blg. 81, s.1987)

q	→	kw	q	→	k
quarter	→	kwarter	quorum	→	korum
sequester	→	sekwester	quota	→	kota
equipment	→	ekwipment	querida	→	kerida

C. Letrang Ñ

1. Panatilihin ang letrang Ñ kung ang salita ay hiram sa orihinal na anyo.

La Tondeña	Sto. Niño	El Niño
Malacañang	La Niña	coño

2. Palitan ang letrang Ñ ng mga letrang NY kapag binaybay sa Filipino ang hiram na salitang may letrang Ñ.

ñ	→	ny
piña	→	panya
cañosa	→	bañera
cañon	→	kanyon

D. Letrang X

1. Panatilihin ang letrang X kung ang salita ay hiram sa orihinal na anyo.

axiom	wax	export
exodus	xylem	praxis

2. Palitan ang letrang X ng KS kung ang tunog ay /ks/ kapag binaybay sa Filipino ang hiram na salitang may letrang X.

x	→	ks
experimental	→	eksperimental
taxonomy	→	taksonomi
		texto
		exam
		eksam

Halimbawa :

cornice	reflex	xenophobia
cell	requiem	ataluña

III. Mga Tiyak na Tuntunin sa Gamit ng Walong (8) letra

A. Letrang C

1. Panatilihin ang letrang C kung ang salita ay hinihiram sa orihinal na anyo.
 calculus chlorophyll cellphone
 carbohydrates de facto corsage

2. Palitan ang letrang C ng letrang S kung ang tunog ay /s/, at ng letrang K kung ang tunog ay /k/ kapag binaybay sa Filipino ang hiram na salitang may letrang C.

c	→	s		c	→	k
participant	→	partisipant		magnetic	→	magnetik
central	→	sentral		card	→	kard
census	→	sensus		cake	→	keyk
circular	→	sirkular		empirical	→	empirikal

B. Letrang Q

1. Panatilihin ang letrang Q kung ang salita ay hiniiram sa orihinal na anyo.

quo vadis	quotation	quad
quartz	quantum	opaque

2. Palitan ang letrang Q ng letrang KW kung ang tunog ay /kw/, at ng letrang K kung ang tunog ay /k/ kapag binaybay sa Filipino ang hiram na salitang may letrang Q.

2001 Revisyon ng Alfabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino

I. Ang Alfabetong Filipino

Ang Alfabetong Filipino ay binubuo ng 28 letra na ganito ang ayos:

A, B, C, D, E, F, G, H, I, J, K, L, M, N, Ñ, NG, O, P, Q, R, S, T, U, V, W, X, Y, Z

Sa 28-letrang ito ng alfabeto, 20 letra ang nasa dating ABAKADA (A, B, K, D, E, G, H, I, L, M, N, NG, O, P, R, S, T, U, W, Y), at 8 letra ang dagdag dito (C, F, J, Ñ, Q, V, X, Z) na galing sa mga umiiral na wika ng Pilipinas at sa iba pang mga wika.

Ang ngalan ng mga letra. Ang tawag sa mga letra ng alfabetong Filipino ay ayon sa tawag-Ingles maliban sa Ñ (enye) na tawag-Kastila.

A	B	C	D	E	F	G	H
/ey/	/bi/	/si/	/di/	/i/	/ef/	/ji/	/eych/
I	J	K	L	M	N	Ñ	NG
/ay/	/jey/	/key/	/el/	/em/	/en/	/enye/	/enji/
O	P	Q	R	S	T	U	V
/o/	/pi/	/kyu/	/ar/	/es/	/ti/	/yu/	/vi/
W	X	Y	Z				
/dobolyu/	/eks/	/way/	/zi/				

II. Mga Tuntuning Panlahat sa Ispeling o Pagbaybay

A. Ang Pasalitang Pagbaybay

Paleta ang pasalitang pagbaybay sa Filipino na ang

ibig sabihin ay isa-isang pagbigkas sa maayos na pagkasunud-sunod ng mga letrang bumubuo sa isang salita, pantig, daglat, akronim, inisyal, simbolong pang-aghay, atb.

Salita	Pasulat	Pabigkas
boto	/bi-o-ti-o/	
plano	/pi-el-ey-en-o/	
Fajardo	/kapital ef-ey-jey-ey-ar-di-o/	
vinta	/vi-ay-en-ti-ey/	
jihad	/jey-ay-eych-di/	

Pantig	/ay-ti/
kon	/key-o-en/
trans	/ti-ar-ey-en-es/
pa	/pi-ey/
tsart	/ti-es-ey-ar-ti/

Akronim MERALCO (Manila Electric Company)

/em-i-ar-ey-el-si-/

LEDCO (Language Education Council)

/el-i-di-si-o/

PANDAYLIPI (Pandayan ng Literaturang Pilipino)

/pi-ey-en-di-ey-way-el-ay-pi-ay/

ARMM (Autonomous Region

of Muslim Mindanao)

ASEAN - (Association of Southeast Asian Nations)

/ey-es-i-ey-en/

Daglat	Bb. (Binibini)	/kapital bi-bi/
	G. (Ginoo)	/kapital ji/
	Gng. (Ginang)	/kapital ji-en-ji/
	Kgg. (Kagalang-galang)	/kapital key-ji-ji/
	Dr. (Doktor)	/kapital di-ar/

Inisyal ng Tao MLQ (Manuel L. Quezon)

/em-el-kyu/

CPR (Carlos P. Romulo)

/si-pi-ar/

Halimbawa:

cañao (Ifugao) 'pagdiriwang'

señora (Kastila) 'ale'

hadji (Maranao) 'lalaking Muslim na nakapunta sa Mecca'

masjid (Maguindanao) 'pook dalanginan, moske'

vakul (Ivatan) 'panakip sa ulo bilang pananggalang'

sa ulan at init, yari sa palmera o dahon ng saging'

ifun (Ibanag) 'pinakamaliit na banak'

azan (Tausug) 'unang panawagan sa pagdarasal ng

mga Muslim'

d. Salitang may iregular na ispelng o gumagamit ng dalawang letra o higit pa na hindi binibigkas o ang mga letra ay hindi katumbas ng tunog.

Halimbawa:

bouquet rendezvous laize faire

champagne plateau monsieur

e. Salitang may internasyonal na anyong kinikilala at ginagamit.

Halimbawa:

taxi exit fax

3. Gamitin ang mga letrang F, J, V, Z para katawanin ang mga tunog /f/, /j/, /v/, /z/ kapag binaybay sa Filipino ang mga salitang hiram.

Halimbawa:

fixer → fikser

subject → sabjek

vertical → vertikal

zipper → ziper

4. Gamitin ang mga letrang C, Ñ, Q, X sa mga salitang hiniram nang buo.

Iba pang wika	Filipino
(3)	
coup d'etat (French)	kudeta
chinelas (Kastila)	isinelas
kimono (Japanese)	kimono
glasnost (Russian)	glasnost
blitzkrieg (German)	blitzkrieg

Malinaw ang mga lapit sa panghihiram. Gayon pa man, sa pagpili ng salitang gagamitin isaalang-alang din ang mga sumusunod: (1) kaangkupan ng salita, (2) katiyakan sa kahulugan ng salita, at (3) prestihiyo ng salita.

2. Gamitin ang mga letrang C, Ñ, Q, X, F, J, V, Z kapag ang salita ay hiniram nang buo ayon sa mga sumusunod na kondisyon:

a. Pantanging ngalan

Halimbawa:

Tao	Lugar
Quirino	Canada
John	Valenzuela City

Gusali	Sasakyan	Pangyayari
Ceñeza Bldg.	Qantas Airlines	First Quarter Storm
State Condominium	Doña Monserat	El Niño

b. Salitang teknikal o siyentifiko

Halimbawa:

cortex	enzyme	quartz	filament	Marxism
x-ray	zoom	joules	vertigo	infrared

c. Salitang may natatanging kahulugang kultural

JVP (Jose Villa Pangamban)	/je-y-vi-pi/
LKS (Lope K. Santos)	/el-key-es/
AGA (Alejandro G. Abadilla)	/ey-ji-ey/

Inisyal ng Samahan/Institusyon	
KWF (Komisyon sa Wikang Filipino)	/key-dobolyu-f/
PSLF (Pambansang Samahan sa Linggwistikang Filipino)	/pi-es-el-ef/
KBP (Kapisanan ng mga Brodkaster sa Pilipinas)	/key-bi-pi/
PLM (Pamaniasan ng Lungsod ng Maynila)	/pi-el-em/
MSU (Mindanao State University)	/em-es-yu/
NGO (Non-Governmental Organization)	/en-ji-o/

Simbolong Pang-aghambay/Pangmatematika	
Fe (iron)	/ef-i/
H ₂ O (water)	/eych-tu-o/
NaCl (sodium)	/en-ey-si-el/
lb. (pound)	/el-bi/
kg. (kilogram)	/key-ji/
v (velocity)	/vi/

B. Ang Pasulat na Pagbaybay

Manatili ang isa-sa-isang tumbasan ng tunog at letra sa pasulat na pagbaybay ng mga salita sa wikang Filipino. Gayon pa man, may tiyak na tuntunin sa pagpapaluwag ng gamit ng walong (8) dagdag na letra.

C. Ang Panghihiram

Isang realidad ang pangangailangan ng wikang Filipino na manghiram sa Ingles, Kastila at iba pang wika para matugunan ang malawakang pagpasok ng mga bagong kultural na aytem at mga bagong konsepto na dala ng modernisasyon at teknolohiya. Idagdag pa na

ang karaniwang Pilipino ay nagpapalit-wika at malayang nanghihiram ng mga salita anumang varayti ng wika ang ginagamit, pasalita man o pasulat.

Pinababagal ng 1987 *Patnubay sa Ispelng* ang leksikal na elaborasyon ng Filipino. Nililimitahan nito ang panghihiram ng mga salita dahil sa paghihigpit sa paggamit ng walong dagdag na letra (C, F, N, J, Q, V, X at Z) doon lamang sa mga sumusunod:

- Pantanging ngalan
- Salitang katutubo mula sa ibang wika sa Pilipinas
- Salitang hindi konsistent ang ispelng o malayo ang ispelng sa bigkas na kapag binaybay ayon sa alpabetong Filipino ay hindi mabakas ang orihinal na ispelng nito
- Salitang pang-aghām at teknikal
- Simbolong pang-aghām

Kung kaya't napapanahon lamang ang pagrevisa sa mga tuntunin sa ispelng. May mahalagang kraytirya para matamo ang isang efisyenteng sistema ng ispelng:

1. kasimplihan at ekonomiya na kaugnay ng isa-sa-isang tumbasan ng tunog at letra, at
2. fleksibilidad, ang pagtanggap ng mga linggwistikong pagbabago dahil sa kontak ng mga wika.

Batay rito, pinaluluwag ng nirevisang tuntunin sa ispelng ang paggamit ng walong (8) dagdag na letra sa lahat ng hiram na salita.

D. Mga Tuntunin sa Panghihiram

1. Sundin ang mga sumusunod na lapit sa paghanap ng panumbas sa mga hiram na salita:
 - a. Gamitin ang kasalukuyang leksikon ng Filipino bilang panumbas sa mga salitang banyaga.

Halimbawa:

Hiram na salita	Filipino
attitude	saloobin
rule	tuntunin
ability	kakayahan
wholesale	pakyawan
west	kanluran

- b. Kumuha ng mga salita mula sa iba't ibang katutubong wika ng bansa.

Halimbawa:

Hiram na salita	Katutubong Wika
hegemony	gahum (Cebuano)
imagery	haraya (Tagalog)
husband	bana (Hiligaynon)
Muslim priest	imam (Tausug)

- c. Bigkasin sa orihinal na anyo ang hiniram na salita mula sa Kastila, Ingles at iba pang wikang banyaga, at saka baybayin sa Filipino.

Halimbawa:

Kastila	Filipino	Ingles	Filipino
(1)	(2)		
cheque	tseke	centripetal	sentripetal
litro	litro	commercial	komersyal
liquido	likido	advertising	advertayzing
education	edukasyon	economics	ekonomiks
qilates	kilatis	radical	radikal